PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE
News and Information Bureau

**PUBLIC BRIEFING #LagingHandaPH**
**HOSTED BY PCOO SECRETARY MARTIN ANDANAR AND USEC. ROCKY IGNACIO**
**April 29, 2020 (11:03 A.M. – 12:33P.M.)**

**SEC. ANDANAR:** Magandang umaga sa ating mga kababayan na nasa iba't ibang panig ng mundo, ganoon din sa lahat ng mga nakasubaybay ngayon sa kani-kanilang mga telebisyon, radyo at sa ating online streaming. Mula sa Presidential Communications Operations Office, ako po ang inyong lingkod, Secretary Martin Andanar. Good morning, Rocky.

**USEC. IGNACIO:** Good morning Secretary. At good morning din, kumusta sa ating mga kasamahan diyan sa CNN Philippines na naka-hookup sa atin. Mula pa rin po sa Presidential Communications Operations Office, ako naman po si Usec. Rocky Ignacio.

**SEC. ANDANAR:** Basta sama-sama at laging handa, kaya natin ito. Kaya naman, bayan, halina at inyong samahan po kami dito sa Public Briefing #LagingHandaPH.

**USEC. IGNACIO:** Ngayon naman po ay puntahan natin ang iba pa nating mga kasama na magbibigay-balita mula sa iba't ibang bahagi ng ating bansa. Sina John Mogol mula po sa Philippine Broadcasting Service-Radyo Pilipinas, Alah Sungduan mula po sa PTV Cordillera, Regine Lanuza mula sa PTV Davao, John Aroa mula sa PTV Cebu at si Allan Francisco na nasa Batasan Hills. Magandang umaga sa inyong lahat.

Para naman po sa karagdagang balita: Sa patuloy na pagharap ng sambayanang Pilipino sa COVID-19 pandemic ay muli pong iginiit ni Senator Bong Go ang isinusulong niyang Balik-Probinsiya Program para sa pag-usbong ng mga rehiyon sa bansa.

Ang paglikha ng livelihood opportunities po ang makakahimok sa ilan sa ating mga kababayan na bumalik sa kani-kanilang probinsiya matapos ang naturang krisis, ganoon din po ang tuluyang pag-decongest ng urban area, gaya ng Metro Manila. Ayon pa sa Senador ay pag-aaralan niya ang mga batas na kailangan upang masuportahan ang kaniyang inisyatibo.

**SEC. ANDANAR:** Sa kabilang banda naman, tatlumpu't limang residente ng Bakun, Benguet ang nag-waive ng kanilang slots para sa Social Amelioration Program ng DSWD. Anila ay hindi sila kuwalipikado sa guidelines ng DSWD kaya napagpasyahan nilang ibigay ang kanilang slots sa mas karapat-dapat at mas nangangailangan nilang mga kababayan.

Good news naman tayo: Kaugnay pa rin nang patuloy na paglaban kontra COVID-19 ay inaprubahan ng Asian Development Bank ang $200 million loan upang masuportahan ang mga mahihirap na pamilya na apektado ng krisis. Ilang bahagi nito ay mapupunta sa ipapamigay na ayuda sa mga kababayan nating 4Ps para sa buwan ng Abril at Mayo.

**USEC. IGNACIO:** Samantala, Secretary, marami rin tayong mga tinatanggap pa ring mga tanong. Mayroong isang tanong dito para sa iyo, Secretary, kung papaano daw po iyong walang IATF ID pero kailangan nilang magtrabaho. Katulad ng mga vendor na nahuli nga kamakailan sa Quezon City, paano raw po sila matutulungan o mabibigyan ng assistance ng gobyerno para mabigyan naman daw po sila ng IATF ID, Secretary?

**SEC. ANDANAR:** Unang-unang step diyan ay ang barangay. Dapat makausap ninyo ang inyong barangay kung kayo ba ay kuwalipikado na magkaroon ng: Number one, iyong quarantine pass o iyong IATF ID; number two, kung kayo po ay … depende sa industriya ninyo, kung kayo ay nasa palengke, halimbawa, dapat ang magbigay diyan ay iyong Department of Trade and Industry. Kung kayo naman ay nagdi-deliver ng mga paninda or, sabihin natin, mga harvest crops mula sa mga farms, ito naman ay under the Department of Agriculture.

**USEC. IGNACIO:** Samantala, Secretary, alamin na natin ang pinakahuling bilang ng kaso ng COVID-19 sa bansa. As of 4 P.M. po, April 28, 2020, ayon po sa tala ng Department of Health, mayroon na tayong 7,958 cases na nag-positive po sa COVID-19 sa bansa; 975 ang naka-recover na mula sa sakit; at 530 naman po ang pumanaw.

Samantala, tingnan natin muli ang bilang ng COVID-19 cases sa iba't ibang lugar sa ating bansa. Sa mga probinsiya po, nangunguna pa rin ang Cebu na may 454 na kumpirmadong kaso ng COVID-19; pangalawa po, ang Rizal na may 370 confirmed COVID-19 cases; pangatlo ang Laguna na may 311; pang-apat po ang Cavite na may 250 na kumpirmadong kaso ng COVID-19; panlima po ang Bulacan na may 170 na kumpirmadong kaso ng COVID-19.

**SEC. ANDANAR:** Dito naman sa Kamaynilaan ay mayroon na pong 5,446 na total cases ng COVID-19, na kung saan ay nangunguna pa rin sa hanay ang Quezon City na may 1,209 confirmed COVID-19 cases; pangalawa ang Lungsod ng Maynila with 628 confirmed COVID-19 cases; at pangatlo pa rin ang Parañaque na may 395 confirmed COVID-19 cases.

**USEC. IGNACIO:** As of April 19, 2020, mayroon na pong labimpitong licensed COVID-19 testing laboratories sa buong Pilipinas. Naka-flash po iyan sa inyong mga TV screens, basahin po ninyo ang listahan ng mga certified COVID-19 testing centers at laboratories na maaari ninyo pong puntahan at bisitahin.

**SEC. ANDANAR:** Ang oras po natin, 11:08 ng umaga. Magandang umaga po sa lahat ng ating mga kababayan na nanunood po at nakikinig po sa ating programa sa pamamagitan po ng kanilang internet or free to air na mga television at radio. And of course, sa Kapisanan ng mga Brodkaster ng Pilipinas, maraming salamat po sa pag-hookup po ninyo dito sa aming programa na Public Briefing. This is our … 6th week na ito, Rocky? Pang-anim na linggo na ito?

**USEC. IGNACIO:** Oo, sir, nagsimula tayo March 16 ng ating Laging Handa. At hanggang sa kasalukuyan, Secretary Martin, iyong mga kaibigan po natin sa … ang mga iba't ibang istasyon ng radyo, telebisyon, maski iyong mga online ay patuloy pong sumusuporta sa atin at tumutulong po sa pamahalaan sa paghahatid ng impormasyon para sa taumbayan.

**SEC. ANDANAR:** All right, tuluy-tuloy tayo, simulan natin ang ating Public Briefing. Para po sa ating unang sigwada, puntahan po natin si Secretary Mon Lopez ng Department of Trade and Industry. Magandang umaga po sa inyo, Sec. Mon.

**SEC. LOPEZ:** Magandang umaga, Sec. Martin, Usec. Rocky at sa inyo pong mga tagasubaybay. Good morning po.

**SEC. ANDANAR:** Good morning, Sec. Mon. Para sa mga probinsiya na mapapasailalim sa general community quarantine ay magkakaroon na po ng public transportation, ganoon din po ay magbubukas na rin ang ilan sa mga establisyemento gaya ng mga mall. Gaano po kalimitado ang mga aktibidad ng mga mall under the GCQ, Sec. Mon?

**SEC. LOPEZ:** Limitado po sila dahil pagdating sa mga leisure activities, hindi pa rin po pinapayagan ito - ano po ba iyong mga leisure activities? Ito ho iyong typically iyong mga entertainment centers, mga playground, play centers, skating rinks, theaters, kung saan iyong mga convention halls nila, lahat po kung saan nagtitipun-tipon ang mga, typically, mga kababayan natin. So iyon po ay wala pong mga aktibidades doon dahil it is considered non-essential activity po for now.

At limitado lang po doon sa mga tindahan po, lalo na iyong mga madalas tayong mangangailangan. So nandiyan na ho, bubuksan din iyong mga hardware, ang mga laundry services, drug stores, supermarkets. Limitado ho sa mga ganoong tindahan na mga pangangailangan natin sa araw-araw.

**USEC. IGNACIO:** Secretary, bukod po sa mga negosyo na nagki-cater po ng ating basic needs, anu-ano pa iyong mga business na maaaring mag-resume ang operation sa mga probinsiya po ha, sa ilalim ng … uulitin natin, under GCQ?

**SEC. LOPEZ:** So lahat po ng mga under sa GCQ, ang ina-allow na po, unang-una, under sa manufacturing. Lahat po ng mga under manufacturing activities na hindi nakasama sa ECQ ay puwede na silang mag-operate. So kasama po diyan ay beverages; iyong mga non-alcoholic beverages kasama na diyan, iyong cement, steel, mga electrical machineries, wood products, mga paper products, motor vehicles, iba't ibang transport equipment. So iyan po, allowed na po.

Pagdating sa services, nabanggit din ninyo iyong mga malls, commercial centers, kasama na ang hardware, mga housewares, essential housewares, clothing, accessories, even barber shops, salons, mga personal care industries because essential… Marami hong request na talagang essential po itong mga serbisyo na ito. Subalit, alam natin na may direct contact ito, but doable naman po na maiwasan ang pag-direct contact via the use of mga face shield, masks and gloves and mga sterilization ng mga equipment nila. Kasama na rin po ang pagpayag na rin sa mga wholesale, retail trade and repair ng mga motor vehicles, motorcycles.

Sa construction po, limited po sa mga essential construction services kasama na po diyan iyong mga Build Build Build Projects natin; again, subject to strict health protocols. Kunwari, iyong mga trabahador na mga construction workers ay iha-house sila sa isang decent na barracks na with complete health facilities din.

Publishing, forestry, motion picture, advertising, market research, pati ho iyong mga iba-ibang professional services like legal, accounting, insurance, architecture, science, field and social work activities.

Government services sa under ECQ – skeletal; pero dito po ay iyong lahat ng frontline services ay puwede hong mag-full.

Again linawin natin, Sec. Martin, USec. Rocky, na ito pong binabasa natin ngayon ay isang paper na idi-discuss ngayon sa IATF, nagmi-meeting po tayo ngayon, para po ma-confirm natin bago natin masabi na ito na talaga ang magiging patakaran; but sa ngayon, ito po ang guide natin.

And again, under GCQ, mayroon pa rin hong mga hindi papayagan tulad ng mga entertainment, theater, cinemas, festivals, carnivals, conventions, trade shows, conferences, mga election rallies, parades, mga gyms, fitness studios, sport facilities, sports-related activities, gambling, travel agencies, and activities of membership organizations.

So, ito po iyong even under GCQ ay hindi pa rin siya nirekomendang magbukas.

**SEC. ANDANAR:** Sec. Mon, dahil sa COVID-19 pandemic ay nag-trend po sa buong mundo ang ‘work from home scheme.’ Gaano naman po ka-effective ang ganitong set-up dito sa ating bansa?

**SEC. LOPEZ:** Well, very very helpful. Actually, kung ngayon ho I’m sure sa ating mga pamilya makikita natin na mas busy nga daw sila rin ngayon, parang tayo rin, na kahit nasa bahay ay iyong mga meetings na nangyayari tulad ng via online meetings, video conferencing ay tuloy-tuloy po. Very effective ho iyong work from home lalo na doon sa mga operations na office-related.

Ngayon, siyempre pagdating sa actual manufacturing, hindi natin magagawa iyong work from home kung hindi dapat nandoon tayo sa planta, nasa factories, so doon ho may physical activities and physical presence needed kaya doon ho hindi applicable naman iyong work from home. But masasabi natin for all other office-related activities even accounting, nagagawa rin ho; procurement, nagagawa rin from home iyan. So with technology, marami na hong nagagawa sa bahay.

**USEC. ROCKY:** Secretary, may mga katanungan po tayo mula sa ating mga kasamahan sa media.

Si April Rafales po ng ABS-CBN: Sinasabi po ng gobyerno na ang mga LGU o barangay officials na po ang maglalapit ng mga talipapa o mobile palengke sa mga komunidad pero marami pa rin po iyong nahuhuling nagbebenta dahil walang IATF ID. Ano daw po ang plano para naman po mapabilis ang pag-facilitate ng mga ID na ito para sa mga maliliit na vendors na kailangan naman po talagang magtrabaho para hindi na sila mahuli? Kagaya po noong nangyari daw sa Quezon City noong nakaraang hapon kung saan isa pong fish vendor ang hindi umano’y pinagpapalo dahil wala umanong IATF ID. Secretary Mon?

**SEC. LOPEZ:** Opo. Iyong doon po ang intindi ko ho lalo na kung iyon po ay pino-promote ng local government, puwede po silang magbigay ng quarantine pass para sa ganoong activities pero kung hindi naman ibinibigay sa local government, iyon pong ating IATF card puwede rin hong ma-issue doon mga—pagdating sa mga pagnenegosyo, retailing, puwede ho sa DTI iyan; sa mga delivery service, puwede rin ho sa DTI.

Kapag mga agriculture-related lalo na I think sa palengke ay baka sa DA po iyan, mag-iisyu ng mga IDs. So, depende ho sa klase ng negosyo ang pag-isyu ho ng ID. Kung transportation, sa DOTr po iyon.

**SEC. ANDANAR:** Ang tanong po ni Joseph Morong, Secretary. Si Joseph po from GMA: Will the government lift the liquor ban in ECQ and GCQ areas? There is an appeal from liquor manufacturers in the country.

**SEC. LOPEZ:** Sa ECQ—during the ECQ, iyong manufacturing po ng mga liquors, alcoholic drinks ang bawal; under GCQ ay allowed na po lahat noong manufacturing. Iyong pag-distribute po, at least as far as IATF is concerned, wala naman po kaming inisyung pag-ban noong mga alcoholic beverages, so iyon po ay I think isang polisiya na pinaiiral naman ng iba't ibang LGUs. Pero sa IATF po, pagdating sa retailing wala po tayong pinipigilan.

**USEC. ROCKY:** Opo. Secretary, habol lang din na tanong mula kay Joyce Balancio naman po. Kung na-finalize ninyo na daw po iyong guidelines ng IATF, ito po ba ay ipiprisinta ninyo pa sa Pangulo for approval daw po? From Joyce Balancio.

**SEC. LOPEZ:** Alin pong guidelines, itong mga industry sectors? Kung iyong industry sectors na ika-clarify natin na ia-allow under GCQ, mayroon na hong general guidelines na po ang Pangulo, doon naman po naka-base ito. This is providing basically the detailed subsectors. So, puwede hong hindi na ho iprisinta ulit sa Pangulo.

**USEC. ROCKY:** Okay. May tanong po mula kay Samuel Medenilla ng Business Mirror. How many companies have been given loan assistance by DTI para po maka-recover naman po sila doon sa epekto ng COVID-19?

**SEC. LOPEZ:** Opo. Sa ngayon ho, ang mga serbisyo na ibinibigay ho, iyong mga wage subsidies at iyong mga ibinigay ng DOLE, DOF, iyong SSS - mga wage subsidy; at saka iyong ibinibigay ng DSWD.

Si DTI po, iyong atin pong pautang will be triggered upon the lifting. Ito po kasi ay may kasamang pag-inspect din ng kanilang negosyo, so ibig sabihin ho, nag-o-operate na ho. So, hindi ho namin magawa kasi under ECQ kaya ito po ay mag-uumpisa sa pag-lift po ng ECQ natin pero nakaabang na po ang ating operations diyan pagdating ho sa pagpapahiram at low interest rate.

At gumawa pa tayo ng extra programs in getting more funds para din sa mga entrepreneurs themselves, hindi lang sa workers, ay iyong pagpapautang po para sa kanilang mga working

capital requirement. We have asked DBP and Land Bank to secure mga P30 billion para sa ganitong lending activities na low interest cost.

**USEC. ROCKY:** Ito po, maraming nagtatanong nito, Secretary: Will the government require daw po all in GCQ areas na mag-undergo po ng mass testing before being allowed to return to work?

**SEC. LOPEZ:** Oho. Iyong as a requirement, it will be required doon lamang sa mga may symptoms at iyong may mga karamdaman; pero as a general requirement, hindi po ito required dahil po as we all know, we are coming from a quarantine period na nakahiwalay tayo sa karamihan ng tao at ibig sabihin, in this—siguro ano na tayo ngayon… thirty days or more than thirty days na tayo, at kung hindi tayo nagkasakit, malaki ho ang tsansa na wala ho talaga tayong sakit dahil kung hindi po ay lumabas na iyong ating sakit ano? With this, puwede ho tayong bumalik sa pagtatrabaho at iyong kompanya ho ang kaniya-kaniya pong pag-instill kung gusto nilang i-require mag-test muna lahat bago pumasok or ibibigay iyong test kapag may karamdaman na.

Mayroon hong protocol din na ilalabas din ngayon. By today or tomorrow, mayroon na tayong draft nito na ipapalabas ng DTI at DOLE para doon sa minimum health standard protocol natin kung saan iyong testing, and we recommended the PCR testing, will be done doon sa mga susceptible, iyong parang mga PUMS and PUIs, so doon ho natin ili--limit ang testing.

As we all know, iyong ating PCR testing capacity is being expanded as we speak, may target na 20,000/day tests by May 15 at 30,000/day tests by May 30. So, kapag lumalaki na ho iyong testing capacity na iyon then we can do more of this testing lalo na kung kakailanganin ng mga iba-ibang kompanya. Pero kung tatanungin ninyo kung required, hindi po siya required. Iyan po ay ili-limit muna doon sa may karamdaman.

**USEC. IGNACIO:** Secretary, ano daw po ang ini-expect na impact ng implementation ng GCQ sa ating ekonomiya?

**SEC. LOPEZ:** Malaki-laki pong sector ang mabuksan pa. Siguro halos kalahati ng ating ekonomiya ay at least mag-o-operate na under GCQ areas. Although maisip naman po natin, of course unfortunately, ito pong mga bubuksang areas, ito pong GCQ, ay outside Metro Manila, Regions III and IV.

Alam po natin ang Metro Manila at Regions III and IV ang malaking share sa economy po natin. So ang sinasabi ko po, may maitutulong po sa paglago uli ng ekonomiya pero hindi po sa malaking paraan. Not in the big way, dahil po iyong bulk ng operation po ay nasa Metro Manila and Regions III and IV, and Cebu and Davao, eh lahat po ito under ECQ pa rin. Kaya po maghihintay-hintay pa tayo ng mga 15 or more days bago po talaga siguro umandar uli iyong the rest of the economy.

But of course, we will have to do it gradually. Gusto natin talaga maibalik na iyong trabaho, but binabalanse ho talaga dito sa infection and transmission rate. Kapag na-control na po natin iyan, by having more testing capacities at mga health facilities, it will allow us to open more the

economy. Kaya iyon pong ating tina-target ngayon, mayroong special team na gagawin para dito sa pag-increase ng testing capacity ng ating bansa and dito kausap natin ang private sector.

By the way, iyong sinabi ko kanina na iyong mga private sector, lalo na itong mga major companies, sila po iyong nagsasabi na on their own, they will do 100% testing. Kasi sila po ay may capacity magpa-test using the PCR and that is what we are going to do. Iyong iba po ay nag-i-invest din sa mga testing laboratories at mga machines and they are willing also to increase the testing capacity that they can offer to the public. So, iyon po ang kailangang mapadami natin, kapasidad na iyon para mas marami pa tayong Pilipinong ma-test.

**SEC. ANDANAR:** Maraming salamat po sa inyong panahon, Secretary Ramon Lopez ng DTI. Mabuhay po kayo, sir.

Tumungo naman tayo kina Rolando Macasaet, ang presidente ng Government Service Insurance System; at Acmad Rizaldy Moti, ang Chief Executive Officer ng Pag-IBIG. Magandang umaga po sa inyong dalawa.

Para kay GSIS President Macasaet: Sir, noong Abril ay maagang ni-release ng GSIS ang pension. Aagahan rin ba ninyo muli ang paglalabas ng pension para sa susunod na buwan?

**GSIS PRES MACASAET:** Sec. Martin, ginawa po namin noong Abril, from April 8, ginawa po naming April 1, I remember. Ito pong Mayo, total po holiday po iyong May 1, sa May 5 po. Iri-release po namin nang mas maaga iyong pension ng mga miyembro ng GSIS.

**USEC. IGNACIO:** Naglunsad po ang GSIS ng online loan application, kabilang po dito iyong conso loan, policy at emergency loan. Kumusta na po iyong availment mula noong ito ay ipatupad?

**GSIS PRES MACASAET:** Usec. Rocky, maganda iyong resulta. So, far ang umutang sa amin ay almost 40,000 and almost 4 billion na po ang na-release namin sa lahat ng loans, at saka ito po, nagawa po namin ito online lahat po. Kaya itong programa po namin, tatagal po ito hanggang July po, so ine-expect po namin na dadami pa po ito.

By the way, Usec. Rocky, kung okay lang, gusto ko ring i-announce, Usec. Rocky, kasi ang emergency loans namin, dati 20,000 lang. Napansin ko may mga umutang dati na may mga existing loans pa sila, hindi pa nila nabayaran lahat. Ang ginawa po ng Board of Trustees namin sa pangunguna ni Chief Justice Lucas Bersamin po, ang chairman po namin, dinagdagan po namin ito, ginawa naming 40,000 na ngayon kaya po matutuwa po iyong mga miyembro ng GSIS nito.

**SEC. ANDANAR:** May mga natanggap po kaming mga tanong sa GSIS emergency loan. Paano daw po kung nakapag-avail na sila ng 20,000 emergency loan dahil naapektuhan sila ng pagsabog ng Bulkang Taal noong Enero, puwede daw po ba silang umutang muli?

**GSIS PRES MACASAET:** Yeah, Sec. Martin. Dati kasi two weeks ago or about a month ago, Sec Martin, ang polisiya namin ay P20,000 lang. Napansin ko, napansin ng Board of Trustees

namin at saka ng management, ito pong mga nasa Batangas, iyon pong inabo na area saka sa Mindanao, sa Davao, sa Zamboanga City where I am from, ay hindi sila nakakautang kasi P20,000 lang. Ang ginawa po ng Board of Trustees namin, inakyat po namin to P40,000 kaya ngayon halos lahat po sila makakautang na uli.

**SEC. ANDANAR:** Bukod sa online application, puwede daw ba sa GSIS kiosk na lang sila mag-apply?

**GSIS PRES MACASAET:** Mas maigi, Sec. Martin. All they have to do, Sec. Martin, naiintindihan nila ito, lalo na iyong mga teachers natin, there are about almost a thousand GSIS kiosk all over the country, what they can do is just they go there. And, Sec. Martin, ang ginawa pa namin sa GSIS, nilagyan pa namin ng markers ito para iyong social distancing, naglagay kami ng tape sa floor malapit sa makina namin. At doon po, mas mabilis po. Itong mga emergency loans, maximum of three working days ay makukuha na nila iyong proceeds ng kanilang loans, iki-credit na sa kanilang GSIS cards o kaya sa mga bangko – Landbank and Union Bank.

**USEC. IGNACIO:** Sir, nalaman po namin na naglunsad din po ang GSIS kamakailan ng programa na tinawag ninyong Bayanihan Fund for Frontliners or iyong BFF. Maaari po ba ninyo kaming bigyan ng detalye o background tungkol dito, sir?

**GSIS PRES MACASAET:** Ay, maganda itong programa namin. Alam mo, Usec. Rocky, ang ginawa namin, lahat ng empleyado ng GSIS, may life insurance sila sa amin sa GSIS. If anything happens to them, anybody basta miyembro kayo ng GSIS, 150% of your salary times 12 is your life insurance.

Alam mo ang ginawa ng GSIS recently, again sa pamumuno ni Chief Justice Bersamin as our chairman, nagdagdag kami ng kalahating milyong life insurance sa bawat medical frontliner na magsu-succumb sa COVID-19. Now, malungkot man itong ibalita pero mayroon na po, Usec. Rocky, pumanaw – mayroon kaming listahan ngayon, mga walo sila. Ang kanilang benepisyo ay aabot na sa mga 9 million sa regular life insurance. Ang ginawa po namin, iyong 9 million dinagdagan po namin ng 4.5 million, so roughly 13 to 14 million po ang benefits nung walo. So sometimes po, doon sa walo, mayroong tatanggap ng 1 million, 1.2 million, mayroon nga po tatanggap ng 1.8. Pero po, in addition to this po, si President Duterte ay magdadagdag pa rin po ng another one million peso.

So ang range po nung walo na nasawi, to medical frontliners, mga minimum of 2.2 million at maximum of roughly 2.8 to 2.9 million. Masakit man po pero kahit paano po ginagawa po lahat ng gobyerno sa pamumuno ni Pangulong Duterte para talagang tulungan po iyong mga bagong heroes natin, mga medical frontliners po. Salamat po, Usec. Rocky.

**SEC. ANDANAR:** Nagpapatupad ba ang GSIS ng moratorium? Anong mga buwan ang sakop ng moratorium? At paano pa ang pagbabayad kapag nakabalik na po sa normal ang sitwasyon natin?

**GSIS PRES MACASAET:** Secretary Mart, kami pa po noong Marso, Abril at Mayo, ang ginawa po ng GSIS ay hindi pa kayo magbabayad sa lahat ng utang ninyo sa GSIS, pati po iyong mga nagrerenta ng bahay na pag-aari ng GSIS, sinuspinde rin po namin.

So halimbawa po, Sec. Martin, for instance po may utang kayo sa amin sa GFAL po ng 500,000, ang monthly amortization po noon ay 9,000 a month. Ang ginawa po namin ay hindi na po namin dinedakan [deduct] sa suweldo nila for the months of March, April and May. So technically po iyong kanilang mga take home pay ay lalaki po by 9,000, so mga 27,000 ho iyong umakyat sa take home nila in three months.

Pagkatapos po, maraming nagtatanong sa akin pagdating sa June, sa Hunyo po kung sisingil kami ng 27,ooo sa Hunyo. Hindi totoo po iyon, hindi mangyayari iyon. Pagdating po sa Hunyo, 9,000 din lang po ang babayaran ninyo kasi po iyong loan ninyo, halimbawa po ang maturity niya po ay five years ang term niya, gagawin lang namin po five years and three months. That way po, hindi po lalaki iyong sisingilin namin sa inyo by June. Sec. Martin?

**USEC. IGNACIO:** Opo. Sir, paano naman daw po iyong GSIS Financial Assistance Loan o iyong tinatawag na GFAL, tuloy pa rin po ba iyong programang ito o mayroon pa po kayong karagdagang anunsiyo, mensahe para po sa mahigit na dalawang milyong members at pensioners ninyo?

**GSIS PRES. MACASAET:** Usec. Rocky, gustung-gusto kong ituloy ang GFAL 'no. Last March 15, sinuspinde po temporarily iyong GFAL. Kasi, Usec. Rocky, iyong GFAL po ay mayroong seminar iyan kasi medyo malaki po iyang nauutang nila, 500,000, at saka hindi pa po online iyan. Ang ginawa po namin, in-online namin po iyong mga pension loans, conso or salary loans at saka itong emergency loan. Ito po kasing GFAL, iri-re-launch ko po ito by … itong Mayo po, maybe around May 15. Pero in the meantime ho, nakiusap po ako, inutusan ko po iyong aking mga kasamahan sa GSIS na kung puwedeng gawin na rin nating online iyan.

So soon po ay mag-a-announce ako, kung kaya hong i-online bago mag-May 15, iri-re-launch namin ho. But otherwise po, when we lift the ECQ in Metro Manila, iri-re-launch na rin po namin iyon. So konting panahon na lang po, okay na po iyan. Magagawan natin ng paraan lahat iyan. Usec. Rocky?

**SEC. ANDANAR:** Okay. Last question na, Sir Rolly. Maiba lang ho tayo. Kukumustahin ko lang po ang inyong hometown ng Zamboanga City. Kumusta po doon?

**GSIS PRES. MACASAET:** (Dialect) You know, Martin, nakikiusap ako kay Secretary Duque at nagpapasalamat ako sa kaniya, nagpapasalamat ako kay (garbled), we really need a testing center in Zamboanga. Malapit na po (garbled) Zamboanga testing center para po kahit sa Western Mindanao, mayroon na tayong (garbled) sa Davao (garbled) sa Zamboanga ho ay magkaroon din. Kausap ko po si Secretary Duque at saka si (garbled) ng DOH, at sana ho by next week ay magkakaroon na raw ho iyong Zamboanga ho. Sec. Martin?

**SEC. ANDANAR:** Maraming salamat sa inyong panahon, Sir Rolly Macasaet, mabuhay po kayo. At para po naman kay Sir Acmad Rizaldy Moti, ang Chief Executive Officer ng PagIBIG. Sir, anu-ano po ba ang mga short term loan na handog ng Pag-IBIG ngayong COVID-19 crisis?

**PAGIBIG CEO MOTI:** Maayong buntag, Secretary Martin and Usec. Rocky. So mayroon po tayong dalawang klase ng short term loan program. Iyon una po ay iyong calamity loan program natin at iyong pangalawa po ay iyong multi-purpose loan. Ang pinagkaiba po ng dalawa, iyong calamity loan po natin ay sa mga miyembro na nasa lugar na nagkaroon po ng ECQ. At para naman po sa mga miyembro sa mga lugar na walang ECQ or hindi nagdeklara ng ECQ mula sa umpisa, puwede naman po silang kumuha o mag-apply ng multi-purpose loan.

Isa pa pong pinagkaiba nung dalawa, mas mababa po ang interest rate ng ating calamity loan, pinakamababa po ito at 5.95%; at 10.5% naman po sa multi-purpose loan. Pero nais po nating ibahagi na sa Pag-IBIG Fund po, kung anuman ang kitain, hanggang 90% naman po ng kita ng Pag-IBIG Fund ay ibinabalik natin sa mga miyembro.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Sir, isa po sa mga requirements ninyo sa pagkuha ng loan ay iyong employer’s certification. Paano iyong mga miyembro ninyo na nawalan na po ng trabaho dahil dito sa krisis, puwede pa ba silang makapag-avail ng loan at paano po?

**PAGIBIG CEO MOTI:** Opo. Usec. Rocky, talaga pong requirement natin iyong employer’s certification bilang patunay po na ang miyembro na gustong mangutang sa pondo ay empleyado po ng employer na iyon. Sa ngayon po ay wala pa po tayong unemployment benefit. Pero ang mga miyembro naman po natin ay kung sakali pong nag-15 years na sila na miyembro or 20 years na, puwede na po nilang makuha ang lahat ng kanilang savings kasi po nag-mature na po iyon at 20 years.

For the meantime po, ang maipapayo po natin ay marami pa na po tayong ibang ahensiya na may mga ayuda rin po tulad po ng unemployment benefit po sa SSS at nandiyan na rin po ang DOLE at ang DSWD, Usec. Rocky.

**SEC. ANDANAR:** Para makapag-apply ng mga loan na nabanggit ninyo po ay kailangang maka-accomplish iyong tinatawag ninyo na fillable form kung saan hindi na kailangan ng pirma ng aplikante. Wala po ba kayong nakikitang loopholes dito?

**PAGIBIG CEO MOTI:** Sec. Martin, alam naman po nating lahat na itong pandemic nga po ay… kumbaga, extraordinary times call for an extraordinary measures. Noong una po, ang ginawa natin noong isara po iyong mga branches dahil sa ECQ, nag-drop box po muna tayo pero bilang tugon sa panawagan po at kautusan po ng ating pamahalaan, ni Presidente Duterte, ay tinigil po natin iyong drop box kasi hindi rin po makalabas iyong mga miyembro natin. So minabuti po natin na mag-online submission via e-mail.

Iyong loopholes po diyan, ang control po natin, isa po diyan ay iyong employer’s certification bilang patunay na iyong miyembro nga po ang siyang nag-apply at sinertify [certified] ng kaniyang employer. Pangalawa po, iyong release po natin ay iki-credit lang po sa cash card ng ating miyembro. So kung may nag-apply po na miyembro, halimbawa po si Juan Dela Cruz,

puwede lang pong i-credit iyong loan proceeds doon po sa kaniyang sariling cash card. Isa din po kasi sa requirement natin maliban doon sa kopya ng cash card na dapat ma-e-mail, dapat po ay ipadala rin po niya iyong isang valid ID. Dati po ay dalawang valid IDs ang requirement; ngayon po, Sec. Martin, isa na lang po. Ito po ay temporary solution po natin dahil po sa hinaharap natin ngayon po na pandemic.

At tinatawagan din po natin iyong mga miyembro natin kung sakaling … just to confirm. Pero ano po, mahigpit po tayo diyan kaya po ang kailangan ay magtugma lahat – iyong ID, iyon pong cash card kung saan iki-credit. At iyon po kasi bago nakuha ng miyembro, pumunta po siya sa opisina so kumbaga, may nagawa na rin po tayong KYC [Know Your Customer] similar to what banks are doing, Sec. Martin.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Sir, magkano na po iyong naibabahagi nating tulong sa ating mga miyembro at may deadline po ba daw iyong application for calamity loan, multi-purpose loan, sir?

**PAGIBIG CEO MOTI:** Opo. Usec. Rocky, as of yesterday po, nakapag-release na po tayo ng total na short term loan, magkasama na po ang calamity loan at ang multi-purpose loan, ng 932 million pesos; at ang natulungan po natin diyan ay almost 57,000 members and growing po.

Iyon pong isang tanong naman po—sorry po, Usec. Rocky, ano po iyong pangalawa ulit?

**USEC. IGNACIO:** Kung may deadline daw po iyong pag-apply ng calamity loan at saka iyong multi-purpose loan; at saka ano na rin po ang inyong mensahe doon sa ating mga miyembro po ng Pag-IBIG?

**PAGIBIG CEO MOTI:** Opo. Usec. Rocky, ang calamity loan po ay available po iyan within three months noong madeklara po ang ECQ. So sa Metro Manila po, mula March 17 hanggang June 16 po ang application period natin. Tapos po, kapag nag-apply po ang miyembro diyan, saka po sisipa iyong period po niya.

Iyong Multi-Purpose Loan naman ay available po iyan, tuluy-tuloy. Kahit po halimbawa ay na-lift na po iyong ECQ at may mga gusto pa pong humiram – iyong mga hindi pa po humihiram ngayon – kapag na-lift na po puwede pa rin po makapag-apply ang ating mga miyembro.

At ang mensahe po natin sa mga miyembro po natin: Ang inyong Pag-IBIG Fund, your Pag-IBIG Fund will always be here for you. Patuloy po tayong naghahanap ng iba pa pong paraan para po makatulong sa ating miyembro na sila din naman talaga ang tunay na may-ari po ng pondo po natin.

**SEC. ANDANAR:** Maraming salamat po, Rolando Macasaet, ang president ng Government Service Insurance System; at Acmad Rizaldy Moti, ang chief executive officer ng Pag-IBIG.

Makibalita naman tayo kay John Mogol mula diyan sa Philippine Broadcasting Service Radyo Pilipinas.

[NEWS REPORT BY NASHRA ANI]

[NEWS REPORT BY BING PABIONA]

**SEC. ANDANAR:** Maraming salamat, John Mogol ng PBS. Puntahan naman natin si Senator Imee Marcos, ang chairperson ng Senate Committee on Economic at chairperson po of Cooperatives. Magandang umaga po sa inyo, ma'am!

**SEN. MARCOS:** Magandang umaga! Kumusta na kayo, Martin at ang ating mga USec. na nariyan sa Maynila? Medyo maswerte kami, nakapunta ako pagkatapos ng quarantine—nakapunta ako sa Ilocos, mas maganda yata buhay namin dito sa probinsiya.

**SEC. ANDANAR:** Yes, ma'am. It's good to know that you are doing fine at alam kong abalang-abala din po kayo dahil hindi lang po Ilocos ang inyong constituents kung hindi buong Pilipinas.

Ma'am, una sa lahat bago po ako magtanong tungkol sa inyong mga activities, kumustahin lang po namin kung maayos na ba ang kalagayan ng inyong kapatid na si Senador Bong-Bong.

**SEN. MARCOS:** Oo, maraming salamat. Thank you very much for all the concerns. Si Bong-Bong, okay na okay na kaya nga lang pumayat. Natutuwa naman siya kasi excuse to overeat kaya todo-todo iyong pinakbet at kung ano-ano pang pinapakain sa kaniya. So enjoy naman siya pero ayun nga, nag-iingat kasi there doesn't seem to be any quick fix to this virus, so ayaw naman niyang maka-infect sa iba kasi infectious pa rin daw after a certain period. So, he's not traveling, he's not moving, he's just being very, very careful. Thank you!

At iyong tatlong senador mukhang okay naman, iyong tatlong senador natin – si Migs Zubiri, si Sonny Angara, pagkatapos si Koko Pimentel – mukha namang nagrerekober ng maigi at nagdo-donate na silang lahat ng plasma para sa mga susunod na treatment ng mga mai-infect kung sakali.

**SEC. ANDANAR:** Yes, ma'am, mahalaga pong maka-recover, magandang balita po iyan. Sa ibang tanong po naman. Paki paliwanag ho sa amin ang kahalagan ng isinusulong mo na Senate Bill 1407 para dagdagan ng pondo ang RITM at mas mapalawak ang presensiya nito sa ibang region.

**SEN. MARCOS:** Yes! Alam ninyo, medyo natatagalan tayo sa testing eh, we're way behind. Kaya ito nga iyong issue dito hindi mabuksan-buksan at matigil itong lockdown dahil wala pang testing. Sabi nila, a significant portion of the population, ibig sabihin 10% - 30% - 40% pa raw ang sinasabi na kinakailangan daw para masabi natin na safe na tayo. Eh kaso nga ang bagal-bagal ng testing dahil nga iyong RITM lang iyong kaisa-isa na pinagtitiyagaan natin that could only process 300 a day.

Eh, iyong RITM na iyan talagang effort na effort sa kanila. Ang gagaling nila, ang sisipag nila kaya lang ang problema talagang bulok na iyan eh, lumang-luma na, noong panahon pa ng Tatay ko, hindi na nadagdagan. So, pinipilit ko na sana iyong kada region mayroon talaga. Ngayon, I think there are five or thirteen or fifteen na sinasabi ng DOH na activated na pero mukhang

magulo pa. Halimbawa sa amin sa Region 1 wala pa ni isa na sasabihin na PCR machine that can actually process test sa swab, so nagre-resort na lang kami doon sa mga rapid blood testing which sinasabing hindi naman ganoon ka-accurate.

So, I think in order to give us full access to testing at magawan ng paraan itong napakahirap na quarantine ay talagang dapat iyong RITM palawakin, magkaroon ng regional centers at i-enable iyong ating mga regional hospitals.

**USEC. ROCKY:** Senator, magandang araw po! Sa halip po na ipatigil ang Build Build Build—

**SEN. MARCOS:** Magandang araw! Kumusta?

**USEC. ROCKY:** Mabuti po, Senator. Sa halip po na ipatigil iyong Build Build Build Projects, inirekomenda ninyo po iyong pagpapatupad ng selective auction ng mga ito. Bakit po, ma'am?

**SEN. MARCOS:** Ah, yes. Kasi katulad ni Presidente Duterte, gustong-gusto ko na talagang makahabol tayo sa infrastructure na kulang-kulang talaga sa ating bansa. Alam iyan ni Secretary Andanar, doon sa Cagayan de Oro, iyon pa rin ang tulay, iyon pa rin iyong mga kalsada, parang kaunti lang ang nadagdag halimbawa sa Mindanao. Kulang na kulang talaga, so kailangan natin iyan.

Ngunit ang aking tingin imbes na bawasan natin iyan, kasi sayang naman iyong programa ni Presidente, let's [garbled] as the billions and millions available in private capital. In other words, makisosyo tayo sa pribadong sektor. Kayang-kaya iyan ng San Miguel, kayang-kaya iyan ng Mega World, iyong iba't ibang mga malalaking construction companies – DMCI, lahat iyan. Baka naman gusto nila na sila na ang mag-manage at mag-umpisa nitong mga projects imbes na maantala iyan, para tuloy-tuloy sila, I think there are many bridges and so on.

And in fact, doon sa ating mga ikinokonsiderang mga Bill, nandiyan na iyong private sector puwedeng pumasok sa Education; puwedeng pumasok sa mga ospital, kasi nakikita natin hirap na hirap iyong health workers natin. Pumasok na iyong private sector diyan kasi in many provinces tulad sa amin, katulad din sa Iloilo, sa Cebu, iyong magagandang ospital ay talagang private sector.

**SEC. ANDANAR:** Senator Marcos, may mungkahi po kayo na maging tax-free ang lahat ng donors sa bansa na tumutulong sa paglaban sa COVID-19. Can you further explain this to us?

**SEN. MARCOS:** Yes, Sec. Martin. Maganda iyong ginagawa kasi ni Presidente Duterte ngayon. Lahat ng nagdo-donate ngayon dito sa COVID, kahit sila mismo nasaktan din, nahirapan din, sila mismo nawalan rin ng negosyo – ang SM, ang San Miguel, ang Mega World, lahat iyan nagdo-donate nang buong puso. Kaya imbes na pabigatin pa natin at papatawan pa natin ng buwis iyong donasyon nila, pambihira naman, bigyan na lang natin ng kaunting palugit na wala namang buwis iyong donation… huwag namang ganoon. Dapat i-encourage sila, talagang anyayahan sila para ganahan silang magbigay pa nang todo.

Alam ninyo, nangyari kasi iyan sa Yolanda, galit na galit iyong mga nag-donate. Hirap na hirap na nga sila mag-donate eh talagang binigyan pa sila ng sakit ng ulo doon sa pagta-tax sa BIR. Eh napakabigat naman noon, nagbibigay ka na nga, nagkusa ka na nga, nawalan ka rin eh may singil pa ng tax ng BIR, kaya mabigat iyo.

Kaya nagpapasalamat tayo kayo Presidente, kay Secretary Dominguez na this time, iba iyon, ang gusto ko, maging permanente na iyon. Kung talagang may crisis, may disaster, huwag nang mag-donor's tax.

**USEC. ROCKY:** Opo. Senator, sinusuportahan ninyo po ba daw iyong Senate 'hybrid' session sa gitna na rin po ng umiiral na COVID-19?

**SEN. MARCOS:** Ayun na nga … kaming mga nasa Senate medyo natatagalan kami kasi iyong Kongreso nagsimula na sila na talagang puro Zoom na iyong kanilang mga meeting, naghi-hearing sila. Naiinggit nga kami kasi iyon nga, nahihirapan nga kami magsipunta. Katulad ni Senator Bato Dela Rosa, nandoon siya sa Davao, na-stuck up siya doon. Ako naman, nandito naman sa Ilocos – papaano naman kami magpupuntahan samantalang may lockdown. So, ito nga iyong sinasabi namin na kung maaari digital na lang, teleconferencing na lang. Pero napag-usapan na iyan noong Lunes, so sa palagay ko after May 4 tuluy-tuloy na iyong pagmi-meeting namin at pagte-teleconference. At talaga naman iyan na ang new normal, ika nga. Palagay ko, hindi na tayo makakabalik sa ibang mga habits at pagmi-meeting katulad ng dati at mag-iiba talaga ang atin patakaran sa new normal.

**SEC. ANDANAR:** Maraming salamat po sa inyong panahon, Senator Imee Marcos.

**SEN. MARCOS:** Naku, maraming, maraming salamat. Secretary Martin, pumapasok pa rin kayo sa PTV 4, hindi yata kayo nasa bahay eh, mukhang ang sipag-sipag ng mga media natin. Kaya may panukala rin ako na iyong media sana, isama rin doon sa frontliner at makakuha rin ng special risk payment. Kasi iyong iba nga sa atin sa hanay ng media may nadale na rin.

**SEC. ANDANAR:** Naku, matutuwa iyong maraming taga-media niyan sa panukala ninyo, ma'am, at suportado ka namin. Salamat po at mabuhay po kayo.

**SEN. MARCOS:** Oo, tama iyan. Kasi sa panahon ng fake news, sa panahon ng napakagulo at umiiral na tsismis ay talagang napaka-importante ng responsible media. Thank you very much sa lahat ng nakikinig, stay home, tiis-tiis lang, protect your family, protect your barangay, protect all of us. Tiis-tiis lang ito, pero todo sakripisyo, maganda naman ang ating performance. Maraming salamat po at asahan ninyo tuluy-tuloy ang paghanap ng pera para makapagbigay sa bawat isa. Thank you.

**SEC. ANDANAR:** Si Senator Imee Marcos po. Dumako naman tayo sa tagapagsalita ng Kagawaran ng Kalusugan, kay Usec. Ma. Rosario Vergeire. Magandang umaga po sa inyo, Usec. Vergeire.

**USEC. VERGEIRE:** Good morning, Sec. Good morning po, Usec. Rocky.

**SEC. ANDANAR:** Sa unang bahagi po ng inyong virtual presser kahapon ay nabanggit po ninyo ang konsepto ng new normal to combat COVID-19. Paano po ito maa-apply sa aspeto ng ating kalusugan?

**USEC VERGEIRE:** Yes, sir, when we talk about the new normal, ito na po iyong ating pinapakalat ngayon lalung-lalo na sa ating mga kababayan na pupunta na po tayo doon sa transition kung saan kailangan na nating isama sa pang-araw-araw nating buhay itong new normal na ito.

Padating po sa kalusugan, mayroon po tayong tinatawag na minimum health standards na kailangan nating isama na sa ating pang-araw-araw na buhay katulad po noong sinasabi natin na physical distancing, wearing of mask, laging paghuhugas ng kamay, pagpapalakas ng katawan. Kapag naman po pagdating sa trabaho, mayroon din tayong mga minimum health standards at iba pong mga industriya.

So, ito pong new normal na ito ay unti-unti nating ipinapasok sa ating mga binibigay na mga impormasyon para po matutunan na ng ating mga kababayan.

**USEC. IGNACIO:** Usec, kumusta naman po iyong expanded testing kaugnay pa rin ng COVID-19?

**USEC. VERGEIRE:** Yes, ma'am. Ang expanded testing po ay nakapag-umpisa na rin sa iba't ibang local governments natin. Sa ngayon po, nagkakalap po tayo ng impormasyon galing sa kanilang lahat para makita po natin kung gaano na karami ang kanilang naidagdag na test mula pa ho noong nag-umpisa tayo. Magbibigay po tayo ng impormasyon sa mga darating na araw.

**SEC. ANDANAR:** Paano po tayo makakatiyak, Usec, na maayos ang family planning ngayon, ngayong panahon ng Enhanced Community Quarantine dahil na-mention rin po na nasa 1,336 ang apektadong health workers dahil sa COVID-19? Going back to family planning, of course, nasa bahay lang lahat, ano po ba ang inyong plano dito, ma'am?

**USEC. VERGEIRE:** Yes, Sec. Katulad po kahapon, binanggit namin sa ating presser na mayroon po tayong sinasabi na essentially health services. Nagpalabas po tayo ng polisiya galing sa kagawaran na kailangan essential health services should continue. Nagpalabas din tayo ng strategies kung saan para gamitin ang ating mga kababayan sakaling hindi sila maka-access lagi ng ating mga healthcare facilities. So, puwede pong ibigay ang kanilang mga supplies for three months, puwede naman po ang ating mga barangay health workers din ay maaaring pumunta sa mga bahay-bahay ng ating mga kliyente for family planning para ibigay po ang mga supplies na ito.

And definitely po, ito pong ating family planning services ay tuluy-tuloy po. Nandiyan po ang ating katuwang, ang atin pong Population Commission; nandiyan din po ang ating local government, para ipagpatuloy ang ganitong serbisyo sa ating mga local governments.

**USEC. IGNACIO:** May tanong po tayo galing sa media, mula kay [unclear] ng PTV. How does the Department of Health anticipate the coming rainy season affecting the fight against COVID-

19? Ang second niyang tanong, anu-ano daw po iyong nakikita nating possible effect ng weather in eliminating or iyong sa spreading ng virus? Kasi may sinasabi daw po iyong ibang eksperto na namamatay ang virus kapag mainit.

**USEC. VERGEIRE:** Yes, Usec. Rocky, with this coming rainy season, naghahanda na po ang kagawaran, especially for those other diseases na maaaring lumabas kapag tag-ulan. Nandiyan na po iyong ating sinasabing dengue season, nandiyan na po iyong sinasabing madalas na sinasabing trangkaso pa rin ng mga kabataan lalo kapag nagre-rainy season at iyong iba pa pong sakit. Atin pong pinaghahandaan lahat ito para hindi na ito maipatong pa sa pandemya o sitwasyon na mayroon tayo ngayon.

Pinapaalalahanan din po natin ang ating mga kababayan lalung-lalo na ang mga nanay ukol sa mga sakit na maaaring mangyari ngayong rainy season.

Pangalawa po, iyong tanong kung ito ay naapektuhan ba ng weather ang ating virus. So, ito po ay nasagot na dati pa po ng ating eksperto. Unang-una, wala pa rin talagang ebidensiya para makapagsabi kung mainit o kaya malamig, mas nagsu-survive o mamamatay ang virus. So sa ngayon po wala tayong ginagamit na ganyang pamantayan, ang atin lang pong inaano ay iyon pa ring hong ating mga interventions na ginagamit ngayon.

**USEC. IGNACIO:** Usec, may tanong po ang ating kasamang si Joseph Morong ng GMA7. If a GCQ area has an increase in COVID between May 1 to 15, will it return to ECQ?

**USEC. VERGEIRE:** Ma'am, hindi ko po masyadong narinig. I'm sorry.

**USEC. IGNACIO:** Opo, ang sinasabi po niya, kapag po iyong nasa GCQ area na ay biglang tumaas po iyong kaso ng COVID-19 sa pagitan po ng May 1 hanggang 15, ito po ay kailangang ibalik sa ECQ?

**USEC. VERGEIRE:** Yes, Ma'am. Ipinaliwanag maigi iyan ng ating eksperto 'no. Pero dalawa ang pamantayan natin para masabi natin kung tayo ay magkakaroon ng GCQ at ECQ. Ang una po, iyong case doubling time – ito po iyong panahon ng pagtaas ng kaso ng COVID sa isang lugar, kung paano dumodoble ang mga kaso, gaano katagal.

Pangalawa po, iyon pong ating critical care utilization rate kung saan ito po ay pinapakita ng kapasidad ng health system doon sa lugar na iyon.

So kung halimbawa po sa isang lugar tumaas po ang mga numero ng kaso from May 1 to 15 na nasa GCQ sila kung itataas sa ECQ, depende po iyan kung ang pagtaas po ay—mayroon po tayong pamantayan for the case doubling time, iyong pitong araw, 7 to 30 days and more than 30 days. So doon ho natin binabase, kung doon po sila papasok ay malalaman natin kung ECQ talaga o mananatili sila sa GCQ at kailangan pa rin po iyong health system capacity ay matingnan din natin bukod sa case doubling time.

**USEC. IGNACIO:** Usec, tanong naman kay Sam Medinilla ng Business Mirror: Is the government on tract in achieving the 8,000 per day by April 30, 2020?

**USEC. VERGEIRE:** Yes, Ma'am. Iyon pong 8,000 per day na testing na sinabi natin, it should be on April 30. Ito po ngayon ang ating average ay umaabot tayo sa less than 5,000; kahapon po we have 4,900. Mukhang hindi po tayo aabot dito sa 8,000 for April 30, though sinusubukan po natin dahil ngayon ay dumating na iyong cartridges natin for GeneXpert. Marami po ang nangyaring isyu for this past week like RITM po isang linggong na-down. But anyway po, ito pong ating goal ay atin pong pilit na maabot, aabutin this coming days po, as all the resource have been pouring in coming from the private side and coming from the government.

**SEC. ANDANAR:** Maraming salamat po sa inyong panahon, Undersecretary Ma. Rosario Vergeire ng DOH. Mabuhay po kayo, ma'am.

**USEC. VERGEIRE :** Thank you very much po.

**SEC. ANDANAR:** Makakapanayam naman po natin ngayon si Gov. Melchor Diclas ng probinsiya ng Benguet. Magandang tanghali po sa inyo, Governor.

GOV. DICLAS: Magandang tanghali, Secretary.

**SEC. ANDANAR:** Kumusta na po ang kaso ng mga COVID-19 patients diyan po sa probinsiya ng Benguet? Ano po ang ginagawa ninyong aksyon para hindi po tuluyan na dumami ang kaso diyan?

**GOVERNOR DICLAS:** So mayroon po tayong mga nine patients, three already recovered and we have six active patients admitted in different hospitals. So, tinutuloy po natin iyong contact tracing at saka iyong isolation po ng mga COVID cases. So, we are waiting for the results of the swab of the contact tracing, iyon po Secretary.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Governor, nakapamahagi na po ba kayo ng ayuda mula sa Social Amelioration Program diyan sa Benguet? Kasi ang alam po natin ay hanggang April 30 o bukas na lang po ito. Kung susumahin po, ilan po iyong napagkalooban ninyo na nang tulong o ayuda sa ilalim po ng SAP?

**GOVERNOR DICLAS:** So, ang achievement po ng probinsiya, so we have already completed the distribution ng munisipyo po. We have 14 municipalities and the other are continuing distributing this SAP, so hopefully by tomorrow, matatapos tayo. Kapag hindi matatapos, iyon nga, medyo nahihirapan kasi sa topography, sa layo ng ano, so iyon iyong isang problema natin sa SAP dito sa probinsiya ng Benguet. So more or less, umaabot naman ng mga 70 to 80 percent ang na-distribute na po.

**SEC. ANDANAR:** Governor, magkakaroon po ba kayo ng realignment of funds para masuportahan po ang pangangailangan ng Benguet Province?

**GOVERNOR DICLAS:** Mayroon po tayong mga savings kaya hindi na po natin kailangan mag-realign. So iyong savings lang po iyong ini-appropriate natin para sa COVID-19. Like for example, dito sa hospitals natin, provincial hospitals, we need more people. So I've already hired

around … almost 40 health workers para dito and the other needed for COVID. Iyon iyong sinuportahan ng savings po namin, Secretary.

**USEC. IGNACIO:** Governor, ano po iyong pinaggamitan ng one million pesos na idinonate po ni Congressman Eric Go Yap sa inyong lalawigan, kung inyo pong mamarapatin?

**GOVERNOR DICLAS:** Opo, may dinonate si Congressman sa atin na one million so, ginamit po iyong iba para sa PPEs and iyong iba ay ginamit po natin pambili ng mga vegetables ng mga kababayan natin dito sa Benguet. Iyon din daw ang request ni Congressman Eric Go Yap na matulungan iyong mga farmers kaya doon namin ginamit iyong pera na dinonate ni Eric Go Yap. So, maraming salamat kay Congressman Yap! At may dinonate din siyang PPEs sa hospital natin, Benguet General Hospital, na 2.5 million worth of PPEs, ma'am.

**SEC. ANDANAR:** Sapat pa po ba ang supply diyan ng pagkain ngayong extended ang ECQ until May 15, 2020?

**GOVERNOR DICLAS:** Yes po, Mr. Secretary. So nag-meeting po kami ng DTI at saka itong Agriculture, so nakikita po natin na iyong mga bigas natin, mga kailangan na (garbled) kakasya po hanggang May 15 – so sapat po siya, Mr. Secretary.

**USEC. IGNACIO:** Governor, ito marami pong nagtatanong nito. Kasi ang Benguet po ang nagpo-produce ng halos 85% highland vegetables para sa buong bansa, ano po ang ginagawa natin para magtuluy-tuloy ito o hindi magkaroon ng pagkaabala o ma-delay iyong farming activities sa Benguet?

**GOVERNOR DICLAS:** Iyong mga farmers po natin ay tuluy-tuloy pong nagtatanim iyan kahit na nag-ECQ, kasi allowed naman po silang magtrabaho sa kanilang mga garden. At saka iyong mga farm inputs po ay in-allow po natin iyang pumasok sa munisipyo para makapagtanim po sila para wala tayong paltos sa months ng production dito sa quarantine ng COVID-19, ma'am.

**USEC. IGNACIO:** Okay. Maraming salamat, Governor. Kayo po ba ay may mensahe pa sa inyong mga kababayan diyan sa Benguet Province?

**GOVERNOR DICLAS:** So, kinakausap ko naman iyong ating mga kababayan sa Benguet na ituloy po natin, maki-participate po tayo dito sa ginagawa nating quarantine, most specially it is extended hanggang May 15 po tayo. So we will just continue what we have been doing. We're doing great, iyong mga kababayan kong taga-Benguet, tuluy-tuloy po natin itong social distancing, etiquette, cleanliness at saka iyong palakasin po natin iyong resistensiya natin, immune system natin.

**USEC. IGNACIO:** Okay. Maraming salamat po sa inyong panahon, Governor Melchor Diclas ng Benguet Province. Salamat po.

**GOVERNOR DICLAS:** Thank you very much po.

**USEC. IGNACIO:** Samantala, puntahan naman natin si Allan Francisco na nasa Batasan Hills. Allan?

[NEWS REPORTING BY ALLAN FRANCISCO]

**SEC. ANDANAR:** Maraming salamat, Allan Francisco. Makibalita naman tayo sa Baguio City kasama si Alah Sungduan. Alah, come in.

[NEWS REPORTING BY ALAH SUNGDUAN]

**SEC. ANDANAR:** Puntahan naman natin si Mayor Toby Tiangco ng Navotas. Magandang tanghali po sa inyo, Mayor.

**MAYOR TIANGCO:** Yes, magandang tanghali, Sec. Martin at Usec. Rocky. Magandang tanghali sa inyo.

**SEC. ANDANAR:** Mayor, gaano na po karami sa inyong nasasakupan ang nagpositibo sa COVID-19?

**MAYOR TIANGCO:** As of yesterday, iyong huling report natin is 39. Ang binawian po ng buhay ay sampu; ang naka-recover ay 11; ang nasa hospital ay siyam; at lima po iyong nag-home quarantine.

Iyong sampung binawian ng buhay, majority I think six ay noong early weeks noong krisis na ito. Kasi noong mga panahong iyon, kapag pumupunta ng ospital grabeng-grabe na talaga, hindi na nga sila tumatagal ng 24 hours sa ospital eh. Kaya lang lately, dahil mas maaga na silang pumupunta, mas madami na iyong nakaka-recover. Actually two days ago, apat po iyong naka-recover doon sa Navotas City Hospital.

**SEC. ANDANAR:** Pangalawa, Mayor, paano ninyo ina-address ang mga anomalies o, you know, pagdating po diyan sa Social Amelioration Program? Maybe anomaly is the wrong word, but iyong tinatawag na … mga kababayan natin na hindi po naisama sa listahan o hindi po kasama sa mga beneficiaries, pero puwede naman silang makatanggap ng benepisyo mula sa gobyerno dahil ang sabi po ng DSWD ay mayroon po silang grievance committee or division na puwede pong pagreklamuhan?

**MAYOR TIANGCO:** Kasi sa Navotas, 60,000 families po ang Navotas, ang allocation lang ng DSWD is 27,978 for Navotas. So talagang hindi sapat ‘no, ngunit may mga nadiskubre kami na… iyon iyong sasabihin mong pandaraya, panlalamang nung iba.

For example, number one, barangay official at barangay employees, alam naman natin na hindi sila qualified. Mayroon kaming nahuli na isang barangay administrator, ang ginawa niya bukod sa nag-fill-up siya na hindi naman siya qualified, iyong asawa naman niya pinag-fill up niya sa ibang barangay – so dalawa pa silang nag-fill up.

Mayroon kaming nakitang cases na mga tao na nagpi-fill up ng form, magkahiwalay iyong mag-asawa. Mayroon din kaming nakikita nagpi-fill up ng form na ibang address ang ginamit sa dalawang barangay. So iyon iyong mga nakikita namin. And ang nakita namin is iyong iba naman ay ina-under declare iyong income or hindi nila sinasabi na may regular na trabaho hanggang ngayon iyong kanilang mga asawa.

Pero magmula noong nag-warning ako, siguro mga sampu na ang nagbalik na nakakuha ng P8,000 at marami na ring nagbabalik ng SAC form nila. Kasi nag-warning ako sa kanila na talagang … doon sa pinirmahan nila nakasulat doon na kapag mayroon silang hindi dinisclose o mayroon silang maling impormasyon, puwede silang makulong.

So iyon po ang ginagawa natin, kasi dapat linisin natin talaga iyong file na ito para talaga iyong mga nangangailangan, sila ang makatanggap.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Mayor, kasi mayroong hanggang bukas na lang, April 30, ang pamimigay ng SAP sa ating mga kababayan. Kumusta po iyong pamamahagi ninyo diyan? At balita rin po namin, nag-donate daw po kayo ng suweldo ninyo bilang mayor para po makatulong sa mga nasasakupan ninyo pagdating po sa COVID-19. Kami po ay saludo sa ginawa ninyong iyan.

**MAYOR TIANGCO:** Yes, Usec. Rocky. Honestly hindi namin kakayanin iyong hanggang bukas, hanggang 30. And, you know, before I signed the MOA, sinabi ko na iyan kay RD Tomas 'no, sinabi naman niya … ang exact word niya, 'hindi naman strictly susundin iyon.'

Kasi noon pa man alam ko na hindi kakayanin eh. Dahil unang-una, noong una hinihingi ko iyong listahan, iyong national targeting ng mga poor family, sa DSWD iyon, para iyon na lang ang pipiliin namin na bigyan – ngunit hindi nila binigay kaagad.

So ano ang ginawa namin sa Navotas? Sa Navotas, pinilter na lang namin using a software, so lahat ng nag-declare ng below 2,000—10,281 iyon pinili noong software. Kasi ayaw ko nang tao ang pipili, ayaw ko ng kung sinu-sino ang pipili kasi magrereklamo for sure. Doon ko na-discover na nagrereklamo iyong ibang tao 'bakit iyong kapitbahay ko, may trabaho iyong asawa, bakit nakakuha, tapos kami walang trabaho, hindi nakukuha.' So doon lumalabas na iyong mga problema.

And then number two, iyong distribution kasi. Kung susundin talaga itong mga social distancing, hindi ganoon kadaling mag-distribute, gustuhin man natin. At noong una, hindi pa pinagamit kaagad ng DepEd iyong schools for distribution sites, so limitado kami; and later on pinagamit na rin nila.

Number three, tama naman iyong DSWD kahit na nasa listahan pagdating doon at iki-claim, ini-interview pa nila ulit, which is correct process para talagang kung hindi qualified hindi masama – pero nakakalusot pa rin kahit na-interview na ng DSWD. So iyon, binabawi namin para mabigay iyong allocation sa iba.

Ngayon, iyong pagdating doon sa pag-donate ng sahod ko, ang pinagmulan niyan kasi ay nag-Facebook Live ako noong isang gabi so lahat lumabas na iyong mga problema. At noong nalaman kulang, sabi sa akin, 'Mayor, baka puwede i-donate mo na lang iyong suweldo mo?' Payag naman ako, kaya lang naisip ko kung isang buwan na suweldo lang naman ang ido-donate ko parang ilan lang tao ang mabibigyan noon. So nag-decide na lang ako na iyong suweldo ko magmula April 2020, itong buwan na ito, at hanggang doon sa pagtapos ng term ko na June 2022 pina-compute ko at iyon—ibig sabihin kukunin ko lang sa savings ko, ido-donate ko na ngayon sa mga hindi nakatanggap. Pero kahit na i-donate ko iyon, hindi pa rin makakakuha ang lahat ng tao, so kaunting tulong lang naman iyon.

Kaya natutuwa ako doon sa sinasabi in Senator Imee na tax-free, kasi na-inform nga ako kapag nag-donate na ako, ita-tax pa eh sabi ko wala na tayong magagawa basta ibigay na lang iyan kahit i-tax pa ako. Pero kung ita-tax free, salamat naman.

**USEC. IGNACIO:** Kami po ay sumasaludo sa ginawa ninyong iyan Mayor. Pero kumusta na po iyong community isolation facility ninyo diyan sa Navotas, iyon pong Navotas National High School; at gaano po karami iyong puwede pong makagamit nito?

**MAYOR TIANGCO:** One hundred po, 100 po ang makakagamit niyan. Ready na siya by yesterday so ang magiging next process nga namin is iyong mass testing; mass testing using PCR. Kapag sinabing mass testing, hindi naman lahat ng tao ay ite-test namin, kung hindi lahat ng PUI, lahat ng PUM, lahat ng frontliner ite-test na namin. Kapag may nag-positive doon, hahanapin lahat ng mga nakaharap niya, which is considered PUI, test ulit. So, I think in the next few days there is a possibility na biglang tataas iyong cases because magma-mass testing; not because dumami iyong cases, but because iyong mga hindi pa nadidiskubreng kaso ngayon ay madidiskubre na natin.

**SEC. ANDANAR:** Maraming salamat po sa inyong panahon, Mayor Toby Tiangco. Mabuhay po kayo.

**MAYOR TIANGCO:** Mabuhay kayo, Martin, Usec Rocky at siyempre sa ating lahat. We all have to stay safe. Isa na lang ang pakiusap ko doon sa ating mga kababayan: Sana makiisa na sila doon sa Enhanced Community Quarantine para matapos na itong lahat dahil iyong desisyon naman ng gobyerno ay nakabase doon sa ating pagsunod ng Enhanced Community Quarantine. So stay safe to everyone at mabuhay po kayo, Sec. Martin.

[NEWS REPORTING]

**SEC. ANDANAR:** Maraming salamat, Regine. At maraming salamat din po sa lahat ng mga nakasama nating panauhin ngayong umaga. Nakasama po natin ang Philippine Broadcasting Service, PTV Cordillera, PTV Davao, PTV Cebu at ang Kapisanan ng mga Brodkaster ng Pilipinas.

**USEC. IGNACIO:** Bigyan din po natin ng pagpupugay ang Filipino Sign Language Access Team for COVID-19 para po sa walang sawang pagsuporta sa ating programa. Mabuhay po kayo!

**SEC. ANDANAR:** At diyan nagtatapos ang ating programa ngayong araw. Ugaliing maging updated sa mga balita hinggil sa COVID-19 sa bansa, gayundin sa mga hakbangin ng ating pamahalaan upang masugpo ito. Mula po sa Presidential Communications Operations Office, ako si Secretary Martin Andanar.

**USEC. IGNACIO:** Higit sa lahat, huwag tayo basta-basta maniniwala sa ilang mga nababasa online. Mula pa rin po sa Presidential Communications Operations Office, ako naman po si USec. Rocky Ignacio.

**SEC. ANDANAR:** Laging tatandaan, basta sama-sama at laging handa, kaya natin ito. Hanggang bukas po muli dito sa Public Briefing #Laging Handa PH.

##

Source: PCOO-NIB (News and Information Bureau)